

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Nag-aalok ang Performing Arts Brampton ng live music, teatro at kultura sa summer na ito

BRAMPTON, ON (Hunyo 23, 2022) – Excited ang Lungsod ng Brampton na ialok ang live music, entertainment sa teatro at kultura para mag-enjoy ang lahat sa summer na ito sa kapwa Garden Square at sa The Rose Brampton.

Hino-host ng Performing Arts Brampton ang sumusunod na mga palabas:

Tales of an Urban Indian

Hunyo 24 at 25, 2 pm at 8 pm

Sumama sa amin sa kamangha-manghang paglalakbay ni Simon Douglas sa Tales of an Urban Indian. Isinulat ni Darrell Dennis, ang inobatibong one-man show na ito ay nagsasalaysay sa kwento ng isang Katutubong tao na lumaki sa kapwa reserve ng Northern British Columbia at sa Lungsod ng Vancouver. Naka-set sa isang tumatakbong Brampton Transit bus, mararanasan ng mga manonood ang kwento ng pag-survive at pag-asa ni Simon. Ginagampanan ang higit sa 40 karakter, makikita ng mga manonood ang mundo sa pamamagitan ng mga mata ni Simon. Ipinagdiriwang ang higit sa 500 performances, ang semi-autobiographical play na ito ay hinahatid ang mga manonood sa isang pakikipagsapalaran para sa pagkakasali, identidad at pagtanggap.

Sariling Shakespeare Show ng Brampton- Much Ado About Nothing

Mga Huwebes sa Chinguacousy Park: Hulyo 28, Agosto 4 at 11, 7:30 pm

Mga Biyernes sa Mount Pleasant Square: Hulyo 29, Agosto 5 at 12, 7:30 pm

Mga Sabado sa Ken Whillans Square: Hulyo 30, Agosto 6 at 13, 7:30 pm

Ipinipresenta ng Louie the Goat Productions at Performing Arts Brampton, ang mga audience sa lahat ng edad ay mag-i-enjoy nitong fan favorite comedy kung saan muntikang nagaganap ang masasamang bagay. Habang inihahanda ng lungsod ng Messina ang kasal nina Hero at Claudio, ang mga tauhan ng Prinsipe at ang pamilya ni Leonato ay nagtangkang gumanap na Cupido sa pamamagitan na gawing magkakagustuhan ang mahabang panahon na magkaribal na sina Beatrice at Benedick. Samantala, ang kapatid na lalaki ng Prinsipe ay nakikipagsabwatan para masira ang lahat ng ito. Idinadaos sa tatlong outdoor venue ng Brampton at nagtatampok ng isang cast ng mga lokal na aktor, ang production na ito ay nagpapamalas sa Mosaic ng Brampton. Kumuha ng upuan o kumot at magpunta para tumawa at umiyak sa classic na ito, na isang comedy na nakakabuti sa pamilya.

Ika-8 Taunang East Coast Kitchen Party

Hulyo 9, 2 hanggang 8 pm

Tinatawagan ang lahat ng Maritimers at Mainlanders – at ang lahat ng nag-uusyusa lang – magpakasaya sa kultura ng East Coast sa East Coast Kitchen Party, na itinataguyod ng Toronto Pearson, TD, No Frills at Tim Hortons.

Samahan ang host na si Rebecca Perry sa mga performance ng Old Man Flannigan's Ghost, DnA at The Rowdymen.

Stomp 'N Stampede

Agosto 13, 4 hanggang 8 pm

Kunin ang iyong sombrero ng cowboy at bota at pwede rin ang isang partner sa pagsasayaw! Sa summer na ito, nagbabalik ang Stomp N' Stampede sa Garden Square para ipagdiwang ang lahat ng bagay na pambansa! Mag-enjoy sa DJ Johnny Rivex spinning live, at huwag kaligtaan ang line dancing lessons mula sa Double Trouble line dancers. Malapit ng darating ang line up ng mga performer!

Starlight Saturday Movies

Dalhin ang isang kaibigan, isang ka-date, isang kumot o isang upuan at manood sa Starlight Saturday Movies sa Hulyo 2 at 16 sa 9 pm sa Garden Square!

Hulyo 2 – No Time to Die

Hulyo 16 – The Batman

Market Square Parking Garage

Kukumpletuhin ng Lungsod ng Brampton ang maintenance na mga pagkumpuni sa Market Square Parking Garage at bilang bunga, pansamantalang magsasara ito mula Hunyo 27 hanggang Hulyo 22, 2022.

Patuloy na pwede ang pagparada sa Downtown Brampton para sa mga bisita at mga negosyo sa sumusunod na mga paradahan at garahe ng munisipyo:

- John Street Parking Garage, 16 John Street
- City Hall Parking Garage, 2 Wellington Street West
- West Tower Parking Garage, 41 George Street
- Nelson Square Parking Garage, 9 Diplock Lane
- George Street North Surface Parking Lot, 20 George Street North

Mga Quote

“Ang Performing Arts Brampton ay may napakahusay na lineup ng mga karanasan sa live music, teatro at pangkultura na pinlano sa summer na ito! Naghahanap ka man ng ilang Shakespeare, mag-enjoy sa isang palabras sa Brampton Transit bus o dumalo sa isang party kasama ang kapwa mga Bramptonian, may isang bagay para mag-enjoy ang bawat isa.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang Brampton ay isang Mosaic, at ang ating walang katulad na mga pangkultural karanasan ay nakakaambag nang malaki sa ating masiglang lungsod. Pinagsama-sama ng Performing Arts Brampton ang isang exciting na season ng iba't ibang mga palabras at event para mag-enjoy ang mga residente at mga bisita. Hinihikayat ko ang lahat na markahan ang kanilang mga kalendaryo at sumama sa amin sa buong summer!”

- Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton

“Ang Hunylo ay isang masayang buwan lalo na sa Brampton! Iniimbitahan ka ng Performing Arts na sumali sa Newfoundland fun sa East Coast Kitchen Party, at umpisahan ang inyong Western heels up sa Stomp N’ Stampede. Ang dalawang event na ito na hindi dapat kaligtaan ay ginaganap bawat summer sa Garden Square. Kung gusto mo ang iyong pagpapatawa na may himig ng pag-ibig, magpunta sa isa sa tatlong parke ng Brampton para sa Shakespeare’s *Much Ado About Nothing*, na ipinipresenta ng isang maalab na pangkat ng mga aktor sa Brampton. At huwag kaligtaan ang Carabram! Brampton, Hulyo na – Magsaya tayot!”

- Steven Schipper, Executive Artistic Director, Performing Arts, Lungsod ng Brampton

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca